Hunyo 20, 2023

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 256, s. 2023

**PAG-UULAT NG ESTADO NG STRUGGLING READERS**

Sa mga: Hepe ng CID
Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Puno ng Paaralan
Tagapayo sa Filipino
Koordineytor sa Pagbasa sa Filipino at English
Sa iba pang kinauukulan

1. Bilang tugon sa kahilingan ng Kagawaran ng Edukasyon sa programang 3Bs, Bawat Bata Bumabasa, ang Tanggapang Pansangay ay nagsagawa ng Pagpapabasa sa 33 Distrito sa Key Stage 1 na mga Struggling Reader -Filipino at English, Memorandum Pansangay Blg. 092 serye 2023.
2. Kaugnay ng isinagawang Programa sa Pagpapabasa ang mga Tagamasid Pampurok ay mag-uulat ng estado ng struggling readers sa ika-24 ng Hulyo, 2023 sa ganap na ika-1:00 ng hapon sa Guiguinto Central School.
3. Ang mga dadalo ay 33 Tagamasid Pampurok, 66 Koordineytor sa Pagbasa, Filipino at English, 33 Pandistritong Tagapayo 33, District Advisers at mga Tagamasid Pansangay.
4. Ang mga pag-uulat ng mga Tagamasid Pampurok ay iminumungkahing gumamit ng PPT na may 8 to 12 slides na iuulat ng 10-12 minuto lamang.
   Ang slide ay kapapalooban ng sumusunod :
   a. Introduksyon
   b. Basikong datos ng struggling readers
   c. Interbensyon/Aksiyon/Estratehiya
   d. Kasalukuyang estado ng struggling reader (maaring gumamit ng graph)
   e. Resulta ng Posttest ng MFAT, EGRA at PHIL-IRI sa English at Filipino.
   f. Rekomendasyon
   g. Panapos ng slide na ang nakalagay ay Maraming Salamat.
      - Paalala: Ang isang slide ay may 8 linya lamang na teksto kasama na ang titulo at kung larawan naman ang nilalaman ng slide ay nararapat na malinaw at makilala ang nasa larawan.
5. Magdala rin ng hard copy ng buong ulat.
6. Ang Memorandum na ito ang magsisilbing pahintulot sa paglalakbay ng mga dadalo sa gawaing ito.
7. Ang Distrito ng Guiguinto ang mamamahala sa programang ito.
8. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**NORMA P. ESTEBAN, EdD, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

CID/JPB-Division Memo- Pag-Uulat Ng Estado Ng Struggling Readers
00050/Hunyo 20, 2023